

Online na pagtuturo ng Filipino sa baytang 8: Mga hamon at estratehiya

Castillo, Maya Debbie S.

Dr. Juan G. Nolasco High School, Philippines (castilloms@students.national-u.edu.ph)

Astorga, Eriberto R., Jr. ✉

De La Salle University-Manila, Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology and National University, Philippines (eriberto.astorga@dlsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 30 March 2021

Revised: 21 June 2021

Accepted: 15 July 2021

Available Online: 31 July 2021

DOI: 10.5861/ijrse.2021.690

Abstract

Its typically normal for a language teacher that have so much school works like teaching loads, paper works, preparation of instructional materials and others related task. Despite of those challenges their dedication to teach and commitment to their sworn duties are never lost. In this time of pandemic that classes are delivered online, how they coped to those challenges? What strategies they did to solved this? This phenomenological study focused on online teaching experiences like challenges and strategies of grade 8 Filipino teachers in Manila City High School. There are six respondents and all of them are grade 8 Filipino teachers. Survey form were given to them through Google Forms to know the respondents response about challenges they experienced and strategies they did in online teaching. Survey questions was validated first by the Master teacher before it was sent to respondents.

Keywords: curriculum development, DepEd, distance education, online education, strategies

Online na pagtuturo ng Filipino sa baytng 8: Mga hamon at estratehiya

1. Introduction

Ang kasalukuyang nararanasang pandaigdigang problema sa kalusugan na Covid19 ay malaki ang naging epekto sa sistema ng edukasyon sa 87% ng populasyon ng mga mag-aaral sa mundo, o 1.5 bilyon ng mga mag-aaral na apektado ng pagsasara ng mga paaralan (UNESCO, 2020). Habang pansamantalang nagkaroon ng distance at remote learning program sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang mga mahihirap na mga kabataan ang inaasahang higit na maaabot ng programang ito. Sa Pilipinas, sinigurado ang kapakanan ng higit sa 27 milyong mag-aaral ng basic education sa gitna ng banta ng Covid19. Ayon sa UNESCO: "Education cannot wait. If learning stops, we will lose human capital."

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpabatid sa paniniwala ng UNESCO ukol sa pagkakaroon ng dekalidad na edukasyon, madaling akses at malakas na sistema ay hindi makokompromiso sa panahong nakararanas ng pandemya (UNESCO 2017). Kaya naman ang Kagawaran ng Edukasyon ay nanindigan sa kanilang komitment sa pagkakaroon dekalidad na edukasyon at madaling akses para sa basic education na nakaangkla sa balangkas ng Sulong Edukalidad. Tuloy-tuloy ang paglikha ng mga 21st Century skills na mga Pilipinong mag-aaral, ang kawani ng Kurikulum Debelopment ay sinigurado ang mga kasanayang pampagkatuto ay may kaugnayan at naaakma upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa basic education.

Isa sa paghahandang naisagawa ay ang pagkakaroon ng mga kompetent na guro na kayang makisabay sa tinatawag na Distance Education. Mga gurong handa sa pagbabago, may kasanayang gumamit ng mga makabagong teknolohiya upang magkaroon ng akses sa mga mag-aaral at may kahusayan sa pagresolba ng mga hamong kanilang kahaharapin sa pagtuturo. Sasagutin ng pananaliksik na ito ang sumusunod na mga tanong:

- Ano-ano ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 online?
- Ano-ano ang mga hamong nararanasan ng mga guro sa pagsasagawa ng klase online?
- Ano-ano ang mga estratehiyang ginagamit nila upang makapagturo online sa kabila ng mga hamong nararanasan?

Ang sumusunod na mga tanong ay maglalahad ng mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo online, mailantad din ang kanilang mga hamong nararanasan at ang mga estratehiyang kanilang ginamit upang masolusyunan ang mga hamon sa pagtuturo online.

2. Kaugnay na Literatura

Hindi naging hadlang ang pandemya upang maipagpatuloy ng mga Pilipinong kabataan ang kanilang pag-aaral. Ang kagawaran ng Edukasyon ang nanguna upang hindi maantala ang pagpasok ng mga kabataang nagnanais makapagtapos ng kanilang pag-aaral. Ang Distance Learning ang naging solusyon ng pamahalaan upang maipagpatuloy ang naantalang pasukan. Ano ba ang Distance Learning? Ayon sa Merriam Webster ito ay isang paraan o modality na kung saan ang guro at mag-aaral ay hindi nagkklase sa loob ng silid-aralan bagkus isinasagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng internet, email, atbp. Sang-ayon din sa Modyul ni Moore na "Moore's Model of Interaction" binigyang kahulugan niya ito bilang ugnayang guro at mag-aaral. Paghihiwalay sa bawat isa na nagpapakita ng natatanging pag-uugali ng edukasyon sa distansya, (Moore & Kearsley, 2005, p. 224). Inisa-isa niya rin sa kanyang artikulo ang tatlong ugnayang nagaganap sa pagitan ng guro at mag-aaral sa Distance Education: una; ugnayang mag-aaral-nilalaman, ikalawa; ugnayang mag-aaral-guro, at ikatlo; ugnayang mag-aaral-mag-aaral Moore (1989).

Sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, napakahalaga ng ikalawang ugnayan sa Distance Education. Ang

ugnayang mag-aaral at guro, nakapokus ito sa pagpapalawak ng pang-unawa at pananaw sa paksang kanyang tinatalakay. Binigyang diin din ni Moore na magiging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto sa Distance Education depende sa sistema ng interaksyon at deliberi sa pagtuturo gamit ang teknolohiya sa online na klase (Moore & Kearsley, 2005).

May tatlong uri ng modalities na nakapaloob sa Distance Learning ito ay ang mga (1) Modular Distance Learning, maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng mga self-learning module na maaaring printed o digital format. (2) Online Distance Learning, pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral gamit ang internet. Maaaring i-download ang mga learning material at magpasa ng takda online upang maging aktibo ang mga mag-aaral. (3) TV/Radio Based Instruction, ang mga self-learning module ay maaaring maituro at maipalabas sa telebisyon at mapakinggan sa radio (DepEd Edukalidad).

Ang platform na Online Distance Learning ay naging gamitin sa mga mag-aaral sa panahong ito ng pandemya dahil sa ipinatutupad na No Face to Face Classes. Hindi maitatangi na ang paggamit nito ay naging malaking responsibilidad hindi lamang sa Kagawaran ng Edukasyon bagkus higit sa mga guro na silang kasangkapan upang maipagpatuloy ang edukasyon. Naging hamon ito para sa kanila, lalo na sa mga gurong nasanay na sa tradisyunal na pagtuturo. Ayon kay Efren J. Domingo sa kanyang artikulo “Kinamusta ko ang mga beteranong guro namin sa paaralan dahil sila ang una kong naisip noong ipatutupad ang online classes. Sa dami ng kanilang hinaing, napatunayan ko na sanay talaga silang magsulat mula blackboard hanggang kwaderno. Sa totoo lang, kailangan nila ng gabay. Bukod sa proseso at pag-aaral sa online platforms, iniisip din nila ang kanilang kalusugan at pamilya.” (Manila Today, Agosto 26,2020).

Kung nararanasan ito ng mga guro sa siyudad lalo’t higit ng mga guro sa kanayunan, “Sa ilalim ng distance learning, maaaring gumamit ang mga paaralan ng online platforms, printed at digital module, telebisyon at radyo. Pero wala umanong signal ng internet at cellphone sa lugar para sa online class. Hindi rin masagap ang mga signal ng radio stations, at halos lahat ng mga bahay ng mga Mangyan ay walang radyo at telebisyon.” (Denis Datu, June 16, 2020 Patrol.Ph).

Sa kabila ng mga hamong ito, patuloy pa rin ang pagsusumikap ng mga guro na magampanan ang kanilang propesyong sinumpaang. Hindi sila tumitigil sa paghahanda ng mga estratehiyang magagamit upang malampasan ang mga hamong ito dulot ng nararanasan sa online na pagtuturo. Naging instrumento upang mapabilis ang pagtuturo at pag-aaral ay ang paggamit ng mga social media gaya ng Group Chat, Messenger, Google Meet, Teams at iba pang online platforms. Buong mundo ay nakararanas sa pagbabagong ito na tinatawag na Distance Learning gamit ang iba’t ibang gadget. Sa Pilipinas, sinigurado ang kapakanan ng higit sa 27 milyong mag-aaral ng basic education sa gitna ng banta ng Covid19.

Mahirap man para sa mag-aaral ang pagbabagong ito ngunit hindi maitatangi na hindi rin naging madali para sa mga guro na makisabay sa distance learning. Sa pag-aaral na isinagawa ni Adada Shatila, Nisrine Nabih, (2007), natukoy niya na karamihan sa mga guro ay nakatatanggap ng higit na suporta sa panahon ng face to face professional development kaysa sa naisagawang online professional development. Gayunpaman, natukoy niya rin sa kanyang pag-aaral na sa kabila ng kakulangan ng suporta sa mga guro ay naisagawa pa rin nilang iintegrate ang teknolohiya sa pagtuturo. Ayon din kay Gannaban (2012), “Maaaring magbigay ng oportunidad ito sa mga guro upang kumonekta sa mga mag-aaral ngunit ang koneksyon ay may parametro ang ugnayang guro-mag-aaral.”

Sa kabila ng hamon ng online learning ang mga guro ay hindi tumitigil sa paghubog ng kanilang sarili upang maging handa sila sa kanilang pagtuturo. Ukol kay Papa (1985), “Hindi gawang biro ang maging isang guro, sa dahilang sa gawaing ito, ang hinuhubog natin ay tao...” Isa ang mga guro sa Filipino na maituturing na handa sa anomang pagbabagong nagaganap lalo na sa usapin ng kanilang pagtuturo. Napatunayan ito sa ginawang saliksik ni Gannaban (2012), “ayon sa mga mag-aaral na ang mga kagamitang panturo ay hindi nakapag-aambag ng kahusayan sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino dahil naiintindihan nila ang itinuturo kahit walang biswal, ngunit ayon sa persepsyon ng mga guro at tagapamahala ay nakatutulong ang mga kagamitang panturo sa

kahusayan sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino.”

Sang-ayon din sa isinagawang pag-aaral nina MacIntyre, Gregersen, at Mercer (2020), sa kabila ng mga hamon sa pagtuturo online gaya ng stress, anxiety at iba pa ay patuloy ang pagtanggap ng mga guro ng wika sa kanilang mga nararanasang. Ito ang paraan nila upang malampasan ang mga pagsubok sa pagtuturo online. Tinukoy nila Carlson at Gadio (2003) na, “Ang paghubog ng propesyunal na deelopment ng mga guro ay ganap na mahalaga kung ang bawat teknolohiya ay naibibigay nang maayos sa bawat paaralan. Gastusan ang pangangailangan nila sa information teachnology...” Sang-ayon sa pag-aaral ni Petras (2012), “Malinaw ang bentahe sa pagpapasigla ng pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino...” Hindi madali ang nararanasang hamon ng mga guro sa panahong ito na online ang pagtuturo, ngunit sa kabila ng mga ito patuloy pa rin ang paghahanda ng nila upang maibigay ang dekalidad na edukasyon sa kanilang mga mag-aaral.

3. Metodolohiya

3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng Qualitative Research. Penomenolohikal na pamamaraan ang ginamit, tinangkang ilarawan at suriin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang mga hamon at estratehiyang ginamit ng mga guro ng Filipino, Baytang 8 sa pagtuturo online.

3.2 Mga Respondente

Purposive Sampling ang pagpili sa anim (6) na guro ng asignaturang Filipino. Lima (5) sa kanila ay babae at isang (1) lalaki. Silang lahat ay mga guro ng Baytang 8 mula sa Mataas na Paaralang Dr. Juan G. Nolasco. Ang pagsagot nila ay naaayon sa kanilang bakanteng araw at oras. Itinago ang kanilang pangalan sa pamamagitan ng code na F1, F2, F3, F4, F5, F6.

3.3 Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng Questionnaire (Talatanungan). Ang mananaliksik ay naghanda ng mga tanong upang malaman ang mga karanasan, hamon at estratehiya sa pagtuturo online ng mga guro ng Filipino. Ipinasagot ang mga tanong sa pamamagitan ng Google Forms na ipinasa sa kanilang email account. Para sa lalong pagpapabuti ng pag-aaral ay nangalap ang mananaliksik ng mga impormasyon sa iba't ibang lunsaran gaya ng libro, lathalain, kaugnay na pag-aaral at iba pa.

3.4 Paraan ng Pangangalap ng Impormasyon

- Bumuo ng layunin at research questions (talatanungan) upang matukoy ang mga karanasan, hamon at estratehiyang ginamit ng mga guro ng Filipino sa pagtuturo online.
- Pinabalideyt ang mga tanon sa Dalubguro ng Kagawaran ng Filipino
- Nagkaroon ng pagpupulong ang mga guro sa Baitang 8 at ang mananaliksik gamit ang Google Meet, hiningi ang pahintulot ng mga participants sa isinagawang Google Forms.
- Pinamahagi ang talatanungan sa pamamagitan ng Google Froms, kalakip nito ay ang likam sa paghingi ng pahintulot.
- Pinabasa ang mga nakalap na mga sagot.
- Pinag-isa-isa ang mga nakalap na sagot sa mga tanong sa pamamagitan ng pagtatranskrip ng mga ito.

4. Resulta at Diskusyon

Maikli lamang ang panahong ginugol sa kasalukuyang pag-aaral, kaya hindi sapat ang datos na nalikom upang ipalagay ang pangkalahatang resulta nito hinggil sa hamon at estratehiya sa pagtuturo ng mga Guro sa Baitang 8. Tulad ng nabanggit sa panimula ng pag-aaral, isang eksploratoryo ang kasalukuyang pag-aaral kaya pinapangahasang sabihin ng mananaliksik na nangangailangan pa ito ng mahaba-habang panahon upang dalumatin, sipatin, at limiing mabuti ang mga resultang natamo.

Anim na guro lamang ang nakapanayam ng mananaliksik: anim na guro mula sa Mataas na Paaralang Dr. Juan G. Nolasco sa Daang Tioco Tondo, Manila. Ang mga nainterbyung guro ay nagtuturo ng Filipino 8. Mayroong mga tanong upang malaman ang karanasan, hamon at estratehiya ng mga guro. Sinagutan nila ito sa pamamagitan ng Google Forms. Habang isinagawa ang pag-aaral na ito, natuklasan na:

(Notasyon: Nakalahad sa itaas ang transkripsyon ng talatanungan sa anim na guro hinggil sa mga karanasan, hamon at estratehiya ng mga guro ng Filipino sa pagtuturo online. Gumamit ang mananaliksik ng Code; hal. F1 para sa pagtukoy ng respondente.)

4.1 Karanasan

Nakatutuklas ng mga makabagong paraan sa patuturo gamit ang iba't ibang uri ng mobile applications at online platform. Nagkaroon ng oras sa pag-attend ng mga webinar para sa pagpapaunlad ng kaalaman sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya na magagamit sa pagtuturo online. Limitado ang oras sa pagtuturo online kung kaya't nakaiisip ng mga paraan kung paano lilimitahan ang pagtalakay na nauunawaan ng mga mag-aaral.

“Nakatutuklas ng mga bagong apps na ginagamit sa pagtuturo at nakadadalo ng mga webinar”
(F1, F3, F4)

4.2 Hamon

Karamihan ay nakararanas ng interapsiyon ng koneksiyon ng internet, narito ang sumusunod na epekto sa kanilang pagtuturo online.

- Hindi pagdalo sa synchronous na klase
- Madalas na pagla-log ng guro at mag-aaral
- Hindi pagkakaunawaan dahil sa hina ng volume o sounds

Kawalan ng interes o hindi aktibo sa klase ng mga mag-aaral; hal, hindi pagpapasa ng sa takdang oras ng mga gawain, hindi pakikilahok sa talakayan at iba pa. Kahirapan sa komunikasyon sa mag-aaral at magulang

“Hina ng Internet Connection gayundin ang paminsan-minsang pagkawala ng pokus ng mga mag-aaral.” (F1, F3, F4, F5)

4.3 Estratehiya

Halos lahat ng respondent (6 guro) ng/sa Filipino na nagsasabing sila ay nakilahok sa mga Webinar, Workshop at LAC (Learning Action Cell) / INSET (Inservice Training) upang maihanda ang kanilang sarili sa pagkatuto ng paggamit ng online platforms dahil ang pamaraang gagamitin sa pagtuturo ay sa pamamagitan ng birtuwal na pagkatuto. Dinibelop din nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng panonood ng mga Youtube, Google at Mobile Application upang maging handa sa pagtuturo gamit ang mga teknolohiya. Nagbasa rin sila ng librong may kinalaman sa Distance Learning, gayundin din ang pagkonsulta sa mga eksperts na guro sa teknolohiya. Paggamit ng reinforcement gaya ng pagbibigay ng mga karagda-gang puntos sa bawat positibong

ginagawa/nagagawa ng mga mag-aaral at pagiging positibo ng mga guro sa kabila ng mga hamong nararanasan.

“Pagsasagawa ng Plano, wastong paggamit ng oras, gumagamit ng iba't ibang paraan upang mapadali ang mga araling itinaturo sa araw-araw.” (F2)

“Pagiging positibong guro, pagbibigay ng puntos sa mga mapamaliit o mapamalagi nilang gawain.” (F6)

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Mula sa isinagawang questionnaire (talatanungan), makikita na:

Sa pag-aaral na ito natukoy na limitado ang akses ng mga guro sa mga mag-aaral dahil sa problema ng koneksiyon ng internet. Karamihan ay nagsasabi na kakaunting bilang lamang ng mag-aaral ang pumapasok sa synchronous na klase. Kulang din ang akses sa komunikasyon sa mga magulang. Hindi gaanong aktibo ang mga mag-aaral sa klase at nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan sa panuto ng mga gawain.

Gayunpaman halos lahat ng respondent (6 guro) ng/sa Filipino na nagsasabing sila ay nakilahok sa mga Webinar, Workshop at LAC (Learning Action Cell) / INSET (Inservice Training) upang maihanda ang kanilang sarili sa pagkatuto ng paggamit ng teknolohiya dahil ang pamaraang gagamitin sa pagtuturo ay sa pamamagitan ng birtuwal na pagkatuto.

Dinibelop din nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng panood ng mga Youtube at Google Application upang maging handa sa pagtuturo gamit ang mga teknolohiya. Nagbasa rin sila ng librong may kinalaman sa Distance Learning, gayundin din ang pagkonsulta sa mga eksperts na guro sa teknolohiya.

Patuloy silang gumagawa ng paraan upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinaharap sa birtuwal na pagtuturo. Dahil sa mga balakid na ito nadaragdagan ang kanilang kaalaman.

Ang pagiging guro ay hindi madaling propesyon, lalo na ngayon na online ang pagtuturo. Sa paghahanda ng mga kakailanganing gawin sa mga hamon ng online na klase higit na kailangan ang pagtutulungan ng lahat ng stakeholder. Hindi lamang sa guro nakasalalay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahong ito.

Kaugnay ng isinagawang pag-aaral, buong pagpapakumbabang iminu-mungkahi ng mananaliksik na:

Para sa Guro. Magkaroon pa nang higit na paghahanda ang mga guro upang lalo nilang matutuhan ang paggamit ng teknolohiya para sa pagtuturo online. Sa gayon mapauunlad nila ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga ito sa paghahanda sa mga hamon na kanilang kakaharapin gamit ang mga online platforms. Pagbibigay ng mga libreng short courses sa mga guro na may kinalaman sa paggamit ng iba't ibang social media platform upang higit silang magkaroon ng masteri sa paggamit ng mga ito. Pagkakaroon ng badget ng mga gawain para magamit nang mabuti ang oras sa pagtalakay ng aralin. Pagkakaroon ng seminar sa Mental Health na ang pokus ay sa pagpapahalaga ng mga guro sa kanilang mentalidad sa panahong nakararanas sila ng stress o anxiety dulot ng mga hamong nararanasan sa pagtuturo online.

Para sa Magulang. Pakikipag-ugnayan sa guro o paaralan para sa debelopment ng kanilang mga anak lalo na ngayon na online lamang pagkikita ng guro at mag-aaral. Higit na kailangan ang gabay ng magulang sa panahon ng distance learning. May social media gaya ng Group Chat, Facebook page at iba pa maaaring maging paraan sa pakikipag-ugnayan sa guro. Pag-aaral ng paggamit ng mga online platforms gaya ng Google Classroom para malaman kung nagagawa ng mga anak ang mga gawaing ibinibigay ng mga guro. May Youtube o Google kung hindi nalalaman ang paggamit nito.

Para sa Mag-aaral. Marapat na makilahok sa mga gawaing pampaaralan, ipagbigay alam sa guro ang dahilan ng pagliban sa synchronous na klase upang magawan ng solusyon, May group chat para maisangguni ang mga nais sabihin. Maging matapat din sa mga magulang.

6. Mga Sanggunian

- Arinto, P. (2016). Issues and challenges in open and distance e-learning: Perspectives from the Philippines. *International Review of Research in Open and Distributed Learning*, 17(2), 162–180.
- Carlson, S., & Gadio, C. T. (2003). *Teacher professional development in the use of technology*. <https://www.TechKnowLogia.org>
- Gannaban, M. E. (2012). Isang pagsusuri sa persepsyon sa at aktwal na kahusayang pampagtuturo ng guro. *Dalumat e-Journal*, 3(1-2).
- MacIntyre, P. D., Gregersen, T., & Mercer, S. (2020). Language teachers' coping strategies during the Covid-19 conversion to online teaching: Correlations with stress, wellbeing and negative emotions. *System*, 94,102352.
- Papa, N. P. (1985). Mga pagpapahalagang dapat angkinin ng isang guro. *Malay*, 4(1-2).
- Shatila, A., & Nabih, N. (2007). *The role of technology in teachers' professional development*. Dissertations, 1259.

